Senior High School

# Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon

Kuwarter

1

Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon
Kuwarter: 1 : Bilang ng Araw: 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng *Strengthened Senior High School Curriculum*. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin**
**Manunulat:** ALDIMAER B. UY **I** MOHAIMEN L. TAUG
Rehiyon IX
Dibisyon ng Zamboanga del Sur

**Tagasuri ng Nilalaman:** Willy P. Espartero **I** Mark Anthony Artis
**Tagasuri ng Wika:** Dr. Jayson D. Petras
**Konsultant:** Dr. Jayson D. Petras
**Learning Area Specialist:** Jefferson V. Torres

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov

# MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | MABISANG KOMUNIKASYON SA FILIPINO | **Baitang** | 11 |
| **Semestre** | | **Kuwarter** | UNA |
| **Manunulat** | ALDIMAER B. UY **I** MOHAIMEN L. TAUG | | |

| **I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*** | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal at interpersonal na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop at kolaboratibo; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, at pag-unawa sa konteksto ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa pinanggagalingan ng kausap. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal at interpersonal na sitwasyong komunikatibo; nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal, gaya ng pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; nakikibahagi sa malalalim na talakayan tungkol sa mga personal at interpersonal na paksa; nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong kaugnay sa nilalaman at layunin ng usapan at korespondensiya; at nakabubuo ng iba't ibang anyo ng personal at interpersonal na korespondensiya tulad ng liham, *email, text message* o *chat,* at *post* sa *social media.* |
| **Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Sa puntong ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang may angking kaalaman na sa paghihinuha ng mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal.<br><br>Nakagagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan (hal. pagpapasimula ng paksa, pagpapalit o pagkontrol ng daloy ng usapan, *turn-taking*, pagbibigay ng kumpirmasyon o *back-channeling*, pagbibigay ng tugon, at pagtatapos ng usapan).<br><br>Nasusuri ang nilalaman at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon, gaya ng pag-uusap at korespondensiya. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** *(Pagpili ng mga Materyal)* | **Nilimbag na Hanguan**:<br>Bernales, Rolanda A. *Komunikasyon sa Makabagong Panahon*. Mutya Publishing House, Inc., 2013.<br>Bernales, Rolanda A., et al. *Malayuning Komunikasyon*. Mutya Publishing House, Inc., 2018. |

<table>
<tr><td></td><td>Maranan, Lourdes R., et al. Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. MINDSHAPERS Co., Inc., 2017.<br>Hanguang Elektroniko:<br>19NITE. El Filibusterismo Trailer (2019), 2019, https://www.youtube.com/watch?v=0AVjRbWYy6g.<br>Canva. Canva, www.canva.com. Accessed 6 June 2025.</td></tr>
<tr><td colspan="2">(Kailangang maisagawa ang mga ito sa bawat paksa o kasanayang pampagkatuto)</td></tr>
<tr><td>III. NILALAMAN<br>(Pagsasaayos ng Nilalaman)</td><td>Mga Magagalang na pananalita at estratehiya sa pamamahala ng usapan<br>Layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN<br>(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)</td><td>Nakagagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pamamahala ng usapan (hal. pagpapasimula ng paksa,pagpapalit o pagkontrol ng daloy ng usapan, turn-taking, pagbibigay ng kumpirmasyon o back-channeling, pagbibigay ng tugon, at pagtatapos ng usapan).<br>a. Natutukoy ang mga magagalang na pananalitang ginagamit sa iba’t ibang sitwasyon.<br>b. Nakikilala ang iba’t ibang estratehiya sa pamamahala ng usapan.<br>c. Nasusuri ang mga wastong pananalita batay sa mga sitwasyong pangwika.<br>d. Nakabubuo ng isang pormal na liham patugon gamit ang mga magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pamamahala ng paksang pinag-uusapan.<br><br>Nasusuri ang nilalaman at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon, gaya ng pag-uusap at korespondensiya.<br>a. Nakikilala ang layunin ng tagapagsalita sa isang personal o interpersonal na usapan o sulatin.<br>b. Natutukoy ang layunin ng komunikasyon batay sa gamit ng wik, tono at konteksto.<br>c. Nakasusuri ng opinyon ukol sa bisa ng isang personal o interpersonal na diskurso.</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td>V. PAMAMARAAN (Marapat na may 2-3 gawain sa bawat bahagi)</td><td>TALA SA GURO<br>(Panuto sa guro sa kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)</td></tr>
<tr><td colspan="2">Nakagagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pamamahala ng usapan (hal. pagpapasimula ng paksa, pagpapalit o pagkontrol ng daloy ng usapan, turn-taking, pagbibigay ng kumpirmasyon o back-channeling, pagbibigay ng tugon, at pagtatapos ng usapan).<br>a. Natutukoy ang mga magagalang na pananalitang ginagamit sa iba’t ibang sitwasyon.<br>b. Nakikilala ang iba’t ibang estratehiya sa pamamahala ng usapan.<br>c. Nasusuri ang mga wastong pananalita batay sa mga sitwasyong pangwika.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| d. Nakabubuo ng isang pormal na liham patugon gamit ang mga magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pamamahala ng paksang pinag-uusapan. | | |
| **A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman** | **1. Paghango sa Dating Kaalaman**<br><br>**Opsiyon 1: El Filibusterismo, Pagbabalik-Tanaw**<br>Panuto: Ipapanood sa mga mag-aaral ang isang movie trailer: [KMG] El Filibusterismo Trailer (2019) - YouTube tungkol sa nobelang El Filibusterismo na kasasalaminan ng mga pangyayari tungkol sa nobela. Tumawag ng mga mag-aaral para sumagot sa mga gabay na tanong pagkatapos panoorin ang *trailer.*<br><br>Gabay na mga Tanong:<br>1. Paano ipinakita ng mga tauhan sa nobela ang kanilang paraan ng pakikipagkomunikasyon?<br>2. Anong mga salita ang karaniwang ginamit ng mga tauhan sa kanilang pag-uusap?<br>3. Anong mga makabuluhan o magagandang pahayag ang naaalala mong nabanggit ng mga tauhan sa kanilang pakikipag-ugnayan?<br>4. Anong mga estratehiya o estilo ng pakikipagkomunikasyon ang mapapansin sa mga tauhan habang sila ay nagkakausap? | Sa unang bahagi ng gawain, babalikan ang dating kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa nobelang El Filibusterismo sa pamamagitan ng *Movie Trailer* mula sa Youtube. Sa bahaging ito ay susuriin ng mga mag-aaral ang Movie Trailer base sa mga Gabay na Tanong na inihanda.<br><br>Ang Pagsusuri gamit ang Pelikula o mga Motion Picture ay makatutulong sa mga mag-aaral na madalumat ang content at performance standards, learning competencies, at 21stcentury skills ng SHS Framework.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br><br>✓ Pumunta sa *Youtube.com* at I-*download* ang video sa link na ito: [KMG] El Filibusterismo Trailer (2019) - YouTube |

| | | |
|---|---|---|
| | | ✓ Susuriin ito ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panonood.<br>✓ Pagkatapos ay tumawag ng mga mag-aaral na sasagot sa mga gabay na tanong.<br>✓ Palawakin ang sagot ng mga mag-aaral para sa dagdag pang kaalaman ng iba. |
| | **2. Paglalahad ng Layunin**<br>Opsiyon 1: **Karanasan Ko, Ibahagi Ko**<br>Panuto: Magkakaroon ng *paired-sharing* ang klase. Ibabahagi nila sa kani-kanilang kapareha ang kanilang mga karanasan tungkol sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon sa loob ng paaralan o sa komunidad gamit ang mga gabay na mga tanong.<br><br>Gabay na mga Tanong:<br>1. Ano-anong mga salita ang karaniwan mong ginagamit kapag ikaw ay nakikipag-usap?<br>2. Gumagamit ka ba ng magagalang na katagang tulad ng po/opo at ho/oho sa iyong pakikipag-usap? Bakit ito mahalaga?<br>3. Kapag ikaw ay nagkamali o nagkasala, anong mga salita ang ginagamit mo upang humingi ng paumanhin?<br>4. Kapag ikaw ay masaya o natutuwa sa isang bagay, ano-anong salita ang iyong ginagamit?<br>5. Kapag may taong nagbibigay sa iyo ng tulong o mabuting bagay, paano ka tumutugon? Anong mga salita ang ginagamit mo bilang pasasalamat? | Ang *paired sharing approach* ay isang teknik sa pagtuturo kung saan ang mga mag-aaral ay pinagpapares upang magbahaginan ng kanilang mga ideya, opinyon, o kasagutan sa isang tanong o paksa.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br><br>✓ Pumili ng isang kapwa mag-aaral na magiging kapareha mo sa aktibidad. Seguraduhing may respeto at bukas |


| | | |
|---|---|---|
| | 6. Ano-anong paraan ang iyong ginamit upang maging epektibo ang pakikipagkomunikasyon mo sa iba? | kayong makikinig sa isa't isa.<br>✓ Ihanda ang listahan ng Gabay na mga Tanong na magsisilbing gabay sa inyong pag-uusap. Basahin muna ito upang maunawaan nang mabuti.<br>✓ Magpalitan kayo ng sagot sa bawat tanong, habang nagsasalita ang iyong kapareha, makinig nang mabuti at huwag sumabat.<br>✓ Tiyaking malinaw at tapat ang pagbabahagi ng sariling karanasan.<br>✓ Pagkatapos ng unang bahagi, magpalitan ng papel: ang nakinig ay ngayon naman ang magsasalita, at ang nagsalita ay makikinig naman.<br>✓ Pagkatapos ng usapan, maaaring hilingin ng guro na magbahagi ng natutunan mula sa karanasan ng |

| | | |
|---|---|---|
| | | kapareha (kung may pahintulot niya).<br>✓ Maghanda ng 2-3 pangungusap na paglalahad ng iyong natutunan o naantig sa iyo mula sa ibinahaging kuwento ng iyong kapareha. |
| **B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | **1. Paglalahad ng Halimbawa**<br>**Opsiyon 1: Halika, Talakayin Natin**<br>Panuto: Magsimula sa isang maikling talakayan tungkol sa kahalagahan ng magagalang na pananalita sa mga pag-uusap. Sabihin sa mga mag-aaral na mag-isip ng isang pagkakataon kung kailan sila gumamit ng magagalang na pananalita at kung paano ito nakaapekto sa pakikipag-ugnayan. Ibahagi ito sa klase.<br><br>Prompt: Mag-isip ng isang sitwasyon kung saan gumamit ka ng magagalang na pananalita. Paano nito binago ang usapan?<br><br>Ibahagi: Hayaang magbahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang mga karanasan.<br><br>Talakayin: Itampok ang pangunahing magagalang na pariralang ginamit at ang epekto nito. | Ang *sharing of knowledge* o pagbabahagi ng kaalaman sa talakayan sa klase ay isang mahalagang aspekto ng aktibong pagkatuto. Ito ay tumutukoy sa proseso kung saan ang mga mag-aaral ay nagpapalitan ng ideya, opinyon, impormasyon, at karanasan bilang bahagi ng pag-unawa sa isang paksa.<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 1*<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br><br>✓ Ilahad ang isinasaad na sitwasyon at maghanap ng mga boluntaryong mga mag-aaral na maglalahad ng |

| | | |
|---|---|---|
| | **Opsiyon 2: *Dialog Box*, Kompletuhin**<br><br>Panuto: Pangkatin sa dalawang (2) pangkat ang klase. Punan ng magagalang na mga sagot o pananalita ang bawat patlang sa pag-uusap (*dialog box)* ayon sa paksang sa tingin mo'y kanilang pinag-uusapan. Lagyan ito ng pamagat.<br>**Pangkat 1:**<br>**Pamagat:** ___________________________<br>**Tagpo:** Loob ng silid-aralan bago magsimula ang klase. Nakaupo sa magkakatabing upuan sina Ana at Mark.<br><br>**Ana:** Mark, tapos mo na ba 'yung assignment natin sa Mabisang Komunikasyon?<br>**Mark:** ________________________________________________________<br>**Ana:**<br>Hindi pa eh. Nagka-problema kasi ang internet sa bahay. Pwede bang pahiram muna ng sa iyo para makakuha lang ako ng ideya?<br>**Mark:** ________________________________________________________<br>**Ana:** Salamat talaga!<br><br>**Mark:** Walang anuman. Next time, sabay tayo mag-*research* para mas mabilis. | kanilang mga karanasan.<br>✓ Bigyan ng pagkakataon na bumuo ng tatlong (3) pangungusap/talata ang mag-aaral na tumutugon sa gawain.<br><br>Ang paggamit ng mga dialog box sa talakayan sa klase ay isang makabago at interaktibong paraan ng pagkatuto, lalo na sa mga makabagong silid-aralan o sa online/hybrid learning setup**.** Ang mga dialog box ay maaaring literal (mga speech bubble o text boxes sa mga visual aids) o digital (chat boxes, comment sections, pop-up windows sa apps), depende sa konteksto ng pagtuturo.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br><br>✓ Maglalahad ng halimbawa at inaasahang diyalogo na karaniwang nagagamit sa loob ng |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pangkat 2:**<br><br>**Pamagat:** ___________________________<br>**Tagpo:** Sa loob ng bahay, nasa lamesa sina Karla at Ben habang nag-aaral.<br><br>**Carla:** Ben, tapos ka na ba sa iyong takdang aralin?<br><br>**Ben:** ___________________________________________________________<br>**Carla:** Ah, simple lang 'yan. Una, hanapin mo muna *ang least common denominator,* tapos *i-convert* mo pareho para maging magkapareho sila. Gusto mo, turuan kita?<br>**Ben:** ____________________________________________________________<br>**Carla:** Walang anuman. Basta pag may tanong ka, huwag kang mahiyang magtanong. | silid-aralin maging sa komunidad.<br><br>**Ang gawaing ito ay tumutugon sa layuning** *b. [Nakikilala ang iba't ibang estratehiya sa pamamahala ng usapan.]*<br><br>Halimbawa:<br>✓ **Sitwasyon:** Naglalakad pauwi ang dalawang mag-aaral at nakasalubong nila ang isang matandang lalaki na may dala-dalang paninda.<br>✓ **Mag-aaral 1:** Magandang hapon po Lo.<br>✓ **Mag-aaral 2:** Maari po ba namin kayong tulungang bitbitin ang iyong mga paninda papunta sa palengke?<br>✓ **Lolo:** Aba'y oo, pasensiya at naabala ko kayo. Salamat mga apo, sapagkat ako'y hirap na sa bigat nito.<br>✓ **Mag-aaral 1 at 2:** Wala pong anuman. |

| | | |
|---|---|---|
| | | ✓ Pagkatapos ng pagbibigay ng sitwasyon, pangkatin ng dalawang (2) grupo ang klase at ipasasagot sa bawat pangkat ang Dialog Box.<br>✓ Ang nabanggit nahalimbawa ay nasa ibang komunikatibong sitwasyon at walang kaugnayan sa inatas na gawain ng mag-aaral.<br><br>**Ang gawaing ito ay tumutugon sa layuning** *a. Natutukoy ang mga magagalang na pananalitang ginagamit sa iba't ibang sitwasyon.* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto<br><br>
Opsiyon 1: Mag-isip, Magpares, Magbahagi<br>
Panuto: Gabayan ang mga mag-aaral sa isang nakaayos na kasanayan sa pag-uusap at isulat ang sagot sa talahanayan na nasa ibaba.<br>

<br>
Pag-isipan: Magpakita ng isang sitwasyon kung saan ang magalang na pananalita ay mahalaga, tulad ng Buwanang distribyusyon ng financial Assistance ng mga 4Ps beneficiaries. Bigyan ang mga mag-aaral ng 2 minuto upang pag-isipan nang paisa-isa kung paano nila gagamitin ang magalang na pananalita at mga estratehiya sa sitwasyong ito.<br><br>
Pagpares: Ipapares ang mga mag-aaral. Ang bawat mag-aaral ay nagbabahagi ng kanilang mga saloobin sa kanilang kapareha, na
</td>
<td>
Sa bahaging ito ay muling magkakaroon ng paired sharing approach gaya ng nabanggit, ito ay isang teknik sa pagtuturo kung saan ang mga mag-aaral ay pinagpapares upang magbahaginan ng kanilang mga ideya, opinyon, o kasagutan sa isang tanong o paksa.<br><br>
Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:<br><br>
✓ Maglalahad ng inaasahang sagot mula sa mga mag-aaral:<br><br>
Mga Inaasahang Sagot:<br>
Sitwasyon:<br>
Buwanang distribyusyon ng financial Assistance ng mga 4Ps beneficiaries.<br><br>
✓ MAG-ISIP<br>
Ang sarili kong mga iniisip ... (ay kung paano ko itatanong sa aking mga
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | nakatuon sa mga magalang na parirala at mga diskarte na plano nilang gamitin. Maglaan ng 5 minuto para sa palitan na ito.<br><br>**Ibahagi:** Anyayahan ang magkapares na ibahagi ang kanilang mga diskarte sa klase. Hikayatin silang i-*highlight* ang anumang mga bagong ideya na nakuha nila mula sa kanilang kapareha. Magsagawa ng maikling talakayan sa klase tungkol sa bisa ng iba't ibang estratehiya. | magulang kung saan napupunta ang buwanang pinansyal na tulong ng DSWD)<br><br>✓ **MAGPARES**<br>Mga tala sa mga iniisip ng aking kapares …<br>**-**Mga kwalipikasyon para maging beneficiary ng 4Ps.<br>**-**Magkano ang tinatatanggap na tulong pinansyal ng 4Ps beneficiary?<br>✓ **MAGBAHAGI**<br>Kung ano ang plano naming ibahagi kasama ang iba …<br>-Kahalagahan ng programa ng 4Ps sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | bawat kabataan.<br>✓ Sa mangyayaring pagbabahagi ay sisiguraduhin ng guro na makakagamit ng konbersesyunal na mga magagalang na pananalita ng mag-aaral. |
| | **Opsiyon 2: Pagsasadula**<br>Panuto:<br>1. Bumuo ng grupo na may 3–5 miyembro. Siguraduhing may mga gaganap bilang pangunahing tauhan, tagapamagitan (kung kinakailangan), at tagamasid.<br>2. Mag-isip ng ispesipikong senaryo. Maaaring magdagdag ng kaunting detalye ang grupo upang mas mapalawak ang daloy ng pag-uusap.<br>**Mga mungkahing Senaryo sa Pagsasadula:**<br>Senaryo 1: Hindi Mo Ako Hinintay!<br>Senaryo 2: Nasaktan Ako sa Biro Mo.<br>Senaryo 3: Pwede Bang Ako Muna.<br><br>3. Isadula ang sitwasyon sa loob ng 3–5 minuto.<br>Sa pagsasadula, tiyaking gagamit ng:<br>✓ Magagalang na pananalita (po/opo, pasensya na po, maaari bang...<br>✓ Estratehiya sa pamamahala ng usapan (aktibong pakikinig, pagbibigay-turno magsalita, paggamit ng mahinahong tono, pag-unawa sa pananaw ng kausap)<br>4. Sa kalagitnaan ng pagsasadula, maglalagay ng 'pause' ang guro upang tanungin ang klase:<br>✓ Anong estratehiya ang ginamit ng tauhan sa puntong ito? | Ang paggamit ng dula bilang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ay may malalim na kahalagahan sa paghubog ng mga mag-aaral, hindi lamang sa kanilang akademikong kasanayan kundi pati na rin sa kanilang personal na pag-unlad.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br><br>✓ Bubuo ng grupo na may 3-5 miyembro na may mga gaganap na pangunahing tauhan, tagapamagitan at tagamasid. |

| | | |
|---|---|---|
| | ✓ Magalang ba ang pananalita? Paano ito ipinakita?” | ✓ Gamitin ang mga sumusunod na senaryo.<br><br>**Mga Hakbang:**<br>✓ Ang mga mungkahing senaryo sa pagsasadula ay nakabatay sa komunikatibong senaryo:<br><u>Senaryo 1:</u> Dalawang mag-aaral na napagkasunduang sabay sa pag-uwi.<br><u>Senaryo 2:</u> Magkapatid na nagkaroon ng alitan tungkol sa mga nabitawang biro sa isa’t isa.<br><u>Senaryo 3:</u> Pila sa Rural Health Center sa pamamahagi ng libreng gamot.<br>✓ Malaya rin na magdagdag pa ang guro ng kaniyang iba pang mga sitwasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Pagtalakay ng Bagong Konsepto:**<br><br>Magagalang na Pananalita:<br>**1. Pakiusap**<br>Halimbawa*: "Pakiabot po ng papel."*<br>Ginagamit sa paghingi ng tulong o bagay nang magalang.<br>**2. Paggalang sa Nakakatanda**<br>*Po at Opo / Ho at Oho*<br>Halimbawa: *"Opo, naiintindihan ko po."*<br>Nagpapakita ng paggalang, lalo na sa matatanda o taong may awtoridad.<br>**3. Paghingi ng Paumanhin**<br>*Pasensya na po / Paumanhin po*<br>Halimbawa: *"Pasensya na po kung ako'y nakaabala."*<br>Para sa paghingi ng tawad o pag-ako ng pagkakamali.<br>**4. Paghingi ng Pahintulot**<br>*Maaari po bang… / Ikinagagalak ko pong…*<br>Halimbawa: *"Maaari po bang magsalita?"*<br>Magalang na paraan ng paghingi ng pahintulot o pag-uumpisa ng usapan.<br>**5. Pagpapasalamat**<br>*Maraming salamat po.*<br>Halimbawa: "Maraming salamat po sa inyong tulong."<br>Para sa pagpapakita ng pasasalamat.<br>---<br>**Estratehiya sa Pamamahala ng Usapan**<br>**1. Aktibong Pakikinig**<br>Pagbibigay pansin sa sinasabi ng kausap; hindi pagputol sa pagsasalita.<br>Gumamit ng eye contact, tango, o verbal cues tulad ng "Tama po," "Nauunawaan ko po."<br>**2. Paghihintay ng Tamang Oras Bago Magsalita**<br>Huwag sumingit habang may nagsasalita; igalang ang daloy ng usapan.<br>**3. Pagbibigay-Daan**<br>Halimbawa: "Ikaw muna po ang magsalita."<br>Pagbibigay respeto sa opinyon ng iba bago maglahad ng sariling pananaw. | Sa bahaging ito, tatalakayin ng guro ang tungkol sa paggamit ng Magagalang na mga Pananalita at ang mga Estratehiya sa Pamamahala ng usapin upang mas maunawaan pa lalo ng mga mag-aaral ang mga angkop na salita na kanilang gagamitin para sa isang mabisang pakikipagkomunikasyon.<br><br>**<u>Ang gawain ay tumutugon sa layuning:</u>**<br>*d. Nakabubuo ng isang pormal na liham patugon gamit ang mga magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pamamahala ng paksang pinag-uusapan.* |

| | | |
|---|---|---|
| | **4. Paggamit ng mga Pormal at Inklusibong Wika**<br>Halimbawa: “Sa aking palagay po…” / “Kung maari pong idagdag…”<br>Iwasan ang wika ng pag-atake o panlilibak.<br>**5. Pagpapakita ng Malasakit**<br>Halimbawa: “Nauunawaan ko po ang inyong saloobin.”<br>Nakakatulong ito sa mas mahinahong pag-uusap at pagresolba ng alitan. | ✓ Malayang gumamit ng iba’t ibang estratihiya sa pagtuturo sa aralin na ito. Mas mainam na gamitin ang mg karanasan ng mga mag-aaral sa pang-araw-araw na pakikipagsalamuha nila sa lipunan. |
| | **Paglinang ng Kabihasaan**<br>Opsiyon 1: **Direk Ko, Ganap Mo**<br>**Panuto:** Pangkatin ng anim (6) grupo ang klase. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng sitwasyon at sila ay magpapakita ng angkop na reaksyon gamit ang magagalang na salita.<br>**Pangkat 1 at 2:** Magpapaalam sa mga magulang kung pwede bang payagan ang mga kaklase na gumawa ng proyekto sa kanilang tahanan.<br>**Pangkat 3 at 4:** Hihingi ng paumanhin ang dalawang mag-aaral na nagkaroon ng alitan habang nagtuturo ang kanilang guro.<br>**Pangkat 5 at 6:** Sa sakayan ng jeep ay nag-uunahan ang mga pasahero para umuwi, ngunit nakita mong may isang taong may kapansanan, tutulungan mo itong sumakay.<br><br>**<u>RUBRIKS SA PAGTATAYA NG MAIKLING DULA</u>**<br>1. Nilalaman / Tema – **5 puntos**<br>Kumpleto: may malinaw na simula, gitna, at wakas; lohikal ang daloy ng mga pangyayari. – **5 puntos**<br>2. Estruktura ng Dula – **5 puntos**<br>3. Pagganap / *Acting* – **5 puntos**<br>4. Katuwang na Elemento (props, musika, kasuotan, etc.) – **5 puntos**<br><br>**Kabuuan – 100 puntos** | Sa bahaging ito ay muling magkakaroon ng role-play. Ang role-play o pagsasadula ng isang sitwasyon ay isang makapangyarihang estratehiya sa pagtuturo na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na matutong aktibo, makiramdam, at makaunawa sa mga aralin sa mas malalim at makabuluhang paraan.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br>✓ Pangkatin ang klase ng anim (6) na grupo na bibigyan ng iba’t ibang sitwasyon na nagpapakita ng angkop na reaksyon gamit ang mga |

**Kabuuang Iskor: ___ / 25**
**Interpretasyon ng Iskor**

- **23–25**: Napakahusay
- **20–22**: Mahusay
- **17–19**: Katamtaman
- **13–16**: Di-Gaanong Mahusay
- **12 pababa**: Kailangan ng Pagsasanay

**Opsiyon 2: Pagsulat ng Sanaysay**
**Panuto:** Magsulat ng Sanaysay batay sa personal na karanasan gamit ang mga sumusunod na tagpo.

**Pangkat 1 at 2:** Magpapaalam sa mga magulang kung pwede bang payagan ang mga kaklase na gumawa ng proyekto sa kanilang tahanan.
**Pangkat 3 at 4:** Hihingi ng paumanhin ang dalawang mag-aaral na nagkaroon ng alitan habang nagtuturo ang kanilang guro.

**Pangkat 5 at 6:** Sa sakayan ng jeep ay nag-uunahan ang mga pasahero para umuwi, ngunit nakita mong may isang taong may kapansanan, tutulungan mo itong sumakay.

**RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SANAYSAY**

| Kategorya | Deskripsyon | Puntos |
|---|---|---|
| **Nilalaman / Paksa** | Malinaw, makabuluhan, at may lalim ang paksa; naaayon sa tema o layunin ng sanaysay. | 25 pts |
| **Organisasyon ng Ideya** | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya; may malinaw na | 20 pts |

magagalang na pananalita.

✓ Gamitin ang Rubrik sa pagkuha ng marka.

Sundin ang mga hakbang sa ibaba para sa gawain:

✓ Sa parehong grupo, ang mga mag-aaral ay magsusulat ng Sanaysay batay sa kanilang sariling karanasan na may kaugnayan sa sitwasyong napili sa kanilang Dula-dulaan.

✓ Gamitin ang Rubriks bilang pamantayan sa pagwawasto.

**Ang gawain ay tumutugon sa layuning:**
*a. Natutukoy ang mga magagalang na pananalitang ginagamit sa iba't ibang sitwasyon.]*

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>simula, gitna, at wakas.</td><td></td></tr>
<tr><td>Estilo at Pagkamalikhain</td><td>Malikhain ang pagpapahayag ng ideya; may personal na tinig at orihinalidad.</td><td>15 pts</td></tr>
<tr><td>Kohesyon at Transisyon</td><td>Epektibo ang paggamit ng mga panandang pandiskurso at transisyon.</td><td>10 pts</td></tr>
<tr><td>Gamit ng Wika</td><td>Wasto ang gramatika, baybay, bantas, at estruktura ng pangungusap.</td><td>20 pts</td></tr>
<tr><td>Pagkilala sa Sanggunian</td><td>May wastong pagsipi at pagbanggit kung kinakailangan.</td><td>10 pts</td></tr>
</table>
Paliwanag:<br>
• 25–22 = Napakahusay<br>
• 21–18 = Mahusay<br>
• 17–14 = Katamtaman<br>
• 13–10 = Kailangang Pagbutihin<br>
• 9–0 = Hindi Nakamit ang Pamantayan
</td>
<td>Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 2</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan</td>
<td>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon<br>
Opsiyon 1: Pangkatang Talakayan<br>
Panuto:<br>
1. Titipunin ng guro ang lahat ng mag-aaral para sa isang pangkatang talakayan. Ibinabahagi ng bawat pangkat ang magagalang na pananalita at parirala na kanilang ginamit sa kanilang mga pagsasadula at ang feedback</td>
<td>Ang pangkatang talakayan ay isang mahalagang estratehiya sa pagtuturo na nagpapasigla ng aktibong pagkatuto at nakatuon sa kooperatibong ugnayan ng mga mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | na kanilang natanggap. Hinihikayat ang mga mag-aaral na ipaliwanag kung bakit pinili nila ang ilang magalang na pagpapahayag at kung ano ang naramdaman nila sa paggamit nito sa partikular na senaryo.<br>2. Ang guro ang mamahala sa talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong upang mapukaw ang pagmumuni-muni ng mga mag-aaral at linawin ang anumang hindi pagkakaunawaan.<br><br>Mga Gabay na Tanong:<br>a. Bakit mo piniling gamitin ang 'Mawalang galang na po' sa halip na 'Paumanhin' sa inyong pagsasadula?<br>b. Ano ang naramdaman mo noong kailangan mong humingi ng tawad sa iyong pagsasadula? | **Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br>✓ Titipunin ng guro ang lahat ng mga mag-aaral para sa isang pangkatang talakayan.<br>✓ Ibinabahagi ng bawat pangkat ang magagalang na pananalita at parirala na kanilang ginamit sa kanilang mga pagsasadula at ang feedback na kanilang natanggap. |
| | **Opsiyon 2: Pikturyal na Sanaysay**<br>Panuto: Sundin ang hakbang sa ibaba para sa gawaing ito.<br><br>1. Ang mga mag-aaral ay malayang pumili ng Paksa:<br>•Paggalang sa magulang<br>•Pakikipag-usap sa guro o nakatatanda<br>•Paggamit ng “po” at “opo”<br>•Magalang na pagtanggi o paghingi ng pabor<br><br>2. Magplano ng Kwento o Mensahe<br>•Gumawa ng *outline* ng mga eksena (hal. simula, problema, solusyon, epekto).<br>•Itakda ang layunin: Ipakita ang kahalagahan ng paggamit ng magagalang na pananalita sa araw-araw na sitwasyon.<br><br>3. Kumuha ng mga Larawan (o Gumamit ng *Visuals*) | Ang paggamit ng pikturyal na sanaysay (o photo essay) sa pag-aaral ay isang makabago at mabisang estratehiya sa pagtuturo na nag-uugnay sa wika, malikhaing pag-iisip, at kritikal na pagsusuri.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br>✓ Maaring gumamit ng iba’t ibang *art materials* sa gawaing ito. |

| | | |
|---|---|---|
| | •Kumuha ng aktwal na litrato ng mga eksenang nagpapakita ng magalang na pananalita (hal. estudyanteng nagsasabi ng "salamat po").<br>•Siguraduhing malinaw, may emosyon, at akma sa mensahe ang mga larawan.<br>•Kung hindi makakuha ng aktwal na larawan, maaaring gumamit ng *graphics o drawing.*<br>______________________________________<br>4. Gumawa ng *Caption* o Teksto para sa Bawat Larawan<br>•Maglagay ng maikling paliwanag sa ilalim ng bawat larawan.<br>•Gumamit ng mga magagalang na pananalita bilang halimbawa tulad ng:<br>“Paumanhin po, maaari ko po bang hiramin ang inyong lapis?”<br>“Maraming salamat po sa tulong ninyo.”<br>•Ipakita sa caption ang konsepto ng paggalang, pakikisama, at kabutihang-asal.<br>______________________________________<br>5. Ayusin ang Presentasyon<br>•Ilagay sa maayos na pagkakasunod-sunod ang mga larawan (hal. simula → insidente → pag-unlad → konklusyon).<br>•Gumamit ng simple at malinis na layout. Kung digital, maaaring gumamit ng PowerPoint, Canva, o Google Slides.<br>______________________________________<br>6. Irebisa at I-edit<br>•Basahin muli ang mga caption. I-check ang grammar, baybay, at angkop na gamit ng wika.<br>•Siguraduhing magkaugnay ang lahat ng bahagi ng sanaysay.<br>______________________________________<br>7. Ipasa o Ipresenta ang Gawa<br>•Ihanda ang piktoryal na sanaysay para sa klase, guro, o pagtatanghal.<br>•Maging handa sa maikling pagpapaliwanag kung bakit mahalaga ang magagalang na pananalita sa buhay. | ✓ Ang mga mag-aaral ay malayang pumili ng Paksa<br>✓ Magplano ng Kwento o Mensahe<br>✓ Kumuha ng mga Larawan (o Gumamit ng *Visuals*)<br>✓ Gumawa ng *Caption* o Teksto para sa Bawat Larawan<br>✓ Ayusin ang Presentasyon<br>✓ Irebisa at I-edit<br>✓ Ipasa o Ipresenta ang gawa<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 3* |

**RUBRIK PARA SA PIKTORYAL NA SANAYSAY**

| Kategorya | Deskripsyon | Puntos |
|---|---|---|
| **Nilalaman ng Mensahe** | Malinaw at makabuluhan ang temang “magagalang na pananalita”; may malinaw na layunin at mensahe. | **8 pts** |
| **Kaugnayan ng mga Larawan** | Ang mga larawan ay tumutugma sa tema at nagpapakita ng aktwal na paggamit ng magagalang na salita. | **5 pts** |
| **Caption o Teksto** | Wasto ang gramatika at baybay; gumamit ng tamang halimbawa ng magagalang na pananalita sa bawat larawan. | **5 pts** |
| **Organisasyon at Kaayusan** | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng larawan at teksto; madaling sundan at nauunawaan ang daloy ng sanaysay. | **4 pts** |
| **Pagkamalikhain at Presentasyon** | Kaakit-akit ang kabuuang disenyo; ipinakita ang orihinalidad at | **3 pts** |

| | | |
|---|---|---|
| | pagiging malikhain sa pagbuo ng presentasyon. | |
| **Kabuuang Iskor: /25** | | |

**2. Paglalahat**

Sa pagtatapos ng aralin, hinihiling ng guro sa mga mag-aaral na isa-isang pagnilayan ang kanilang natutuhan. Nagtatanong sila ng dalawang simpleng tanong upang gabayan ang pagmumuni-muni ng mga mag-aaral:

Panuto:
1. Ang mga mag-aaral ay may isang minuto upang pag-isipan ang kanilang mga sagot. Maaaring hilingin ng guro ang ilang boluntaryo na ibahagi ang kanilang mga pagmumuni-muni sa klase kung may oras.

2. Ang yugto ng Feedback na ito ay mahalaga para sa pagsasama-sama ng pag-aaral ng mga mag-aaral, na nagbibigay-daan sa kanila na pagnilayan ang kanilang natutunan, gumawa ng mga koneksyon sa teorya, at isaalang-alang kung paano nila magagamit ang kanilang bagong kaalaman sa totoong mundo.

Ang paglalahat ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Isa ito sa mga estratehiyang ginagamit ng guro upang patatagin ang kaalaman ng mga mag-aaral matapos ang talakayan o gawain.

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Pagtataya** ***(Evaluation/Summative form)***<br><br>**Opsiyon 1: Maramihang Pagpipilian**<br>Panuto: Basahing mabuti ang bawat bilang at piliin ang titik na tumutugma sa tinutukoy sa bawat isa.<br><br>1. Ano ang pangunahing layunin ng paggamit ng magagalang na pananalita sa pakikipag-usap?<br>A. Maipakita sa iba ang pagiging responsableng mamamayan.<br>B. Magbigay-konsiderasyon sa damdamin at estado ng ibang tao.<br>C. Maisabuhay ang natutuhan sa pamilya, paaralan, at komunidad.<br>D. Maipamalas ang kahusayan sa gamit ng wika at komunikasyon.<br><br>2. Aling diskarte ang epektibo sa pamamahala ng isang pag-uusap?<br>A. Gumagamit ng magagalang na mga salita<br>B. Itinatala ang mga mahihirap na salita habang nakikinig sa tagapagsalita<br>C. Aktibong pakikinig at pagkuha ng iba't ibang ideya mula sa mga kausap para maibahagi sa iba<br>D. Nangibabaw sa usapan ang pagpapahalaga sa mga nararamdaman ng kausap sa bawat sitwasyon<br><br>3. Bakit mahalagang gumamit ng mga estratehiya sa pamamahala ng pag-uusap?<br>A. Para maging mapabilis ang pag-uusap<br>B. Para maging mas nakakaaliw at kawiliwili ang usapan<br>C. Upang magkaisa ang nagkakalayong mga damdamin<br>D. Upang matiyak na ang lahat ay nakadarama ng pakikinig at paggalang sa bawat isa | Ang *summative test* ay isang uri ng pagtataya na isinasagawa pagkatapos ng isang takdang yunit o aralin upang sukatin ang kabuuang natutunan ng mag-aaral**.**<br><br>✓ Ang guro ay malayang magdesisyon kung saan niya ipapasulat ang gawaing ito.<br><br>Susing Sagot:<br>1. D<br>2. C<br>3. D<br>4. A<br>5. B |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Alin sa mga sumusunod ang isang diskarte upang ipakita na ikaw ay aktibong nakikinig?<br>A. Pakikinig nang mabuti sa tagapagsalita at magkaroon ng direktang impormasyon para maibahagi sa iba<br>B. Pinapansin ang nagsasalita at pinupuna ang mga terminong ginagamit nito<br>C. Hinahayaang gumamit ng iba't ibang wika ang tagapagsalita<br>D. Pagbabago ng paksa ng tagapagsalita para sa mga tagapakinig<br>5. Ano ang halimbawa ng paggamit ng magagalang na pananalita sa pakikipag-usap?<br>A. Paggamit ng eye to eye contact sa kausap<br>B. Paggamit ng 'paki' at 'salamat' nang naaangkop<br>C. Pagsasalita sa *monotone* na boses para mas mapadali ang usapan<br>D. Paggamit ng mga balbal at impormal na wika para sa mga taong gumagamit din nito | |
| | **4. Karagdagang Gawain**<br>**Opsiyon 1: Pagsusuri ng Liham**<br>**Panuto:** Maghanap ng isang liham na kinapapalooban ng mga magagandang pananalita. Suriin ito ayon sa mga sumusunod;<br>1. Ano ang pangunahing paksa?<br>2. Ano ang layunin ng liham?<br>3. Ano-anong magagandang salita o pahayag ang ginamit sa liham upang maipahayag ang damdamin o mensahe?<br>4. Ano-ano ang mga kalakasan ng liham sa paraan ng pagkakasulat at paghatid ng mensahe?<br>5. Ano-ano naman ang mga kahinaang maaaring mapansin sa nilalaman o pagkakabuo ng liham? | Ang pagsusuri ng liham ay isang mabisang gawain sa pagkatuto, kung saan ang mga mag-aaral ay sumusuri sa anyo, nilalaman, layunin, at konteksto ng isang liham. Maaari itong pormal (opisyal na komunikasyon), di-pormal (personal na sulat), o makasaysayan (lihamsa kasaysayan o panitikan).<br>✓ Ang guro ay malayang magdesisyon kung saan niya ipapasulat ang gawaing ito |

<table>
<tr><td></td><td></td><td><u>Ang gawain ay tumutugon sa layuning:</u><br>[Nasusuri ang mga wastong pananalita batay sa mga sitwasyong pangwika.]<br><br>Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 4</td></tr>
<tr><td colspan="3">Nasusuri ang nilalaman at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon, gaya ng pag-uusap at korespondensiya.</td></tr>
<tr><td colspan="3">a. Nakikilala ang layunin ng tagapagsalita sa isang personal o interpersonal na usapan o sulatin.<br>b. Natutukoy ang layunin ng komunikasyon batay sa gamit ng wika, tono at konteksto.<br>c. Nakabubuo ng sariling pagsusuri o opinyon ukol sa bisa ng isang personal o interpersonal na diskurso.</td></tr>
<tr><td colspan="2"></td><td>TALA SA GURO<br>(Panuto sa guro sa kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman<br>Opsiyon 1: Pagsusuri ng Usapan<br>Panuto: Basahin at suriin ang nilalaman ng larawan ayon sa iba't ibang sitwasyon.<br><br>
<table>
<tr><td>Sitwasyon 1:</td><td>Marco: “Maari po bang gumamit ng palikuran?”</td></tr>
<tr><td>Sitwasyon 2:</td><td>Gng. Lina: “Pakibukas ang inyong aklat sa pahina 11”</td></tr>
<tr><td>Sitwasyon 3:</td><td>Mag-aaral: “Hindi ko maintindihan, maari mo bang ipaliwanag muli?</td></tr>
<tr><td>Sitwasyon 4:</td><td>Mag-aaral: “Sir, maari ko bang tulungan kayong dalhin ang inyong gamit?”<br>Guro: “Aba'y oo naman, maraming salamat.”</td></tr>
<tr><td>Sitwasyon 5:</td><td>Anna: Nais kong sagutin ang tanong sa blakbord.</td></tr>
<tr><td>Sitwasyon 6:</td><td>: “Paalam sa lahat, makikita ulit kita sa susunod na lingo.”</td></tr>
</table></td><td>Ang pagsusuri ng larawang biswal ay isang makabuluhang estratehiya sa pagtuturo na tumutulong sa mga mag-aaral na magbasa, magsuri, at magpakahulugan sa mga imaheng nakikita nila. Sa panahong visual at media-driven ang mundo, ang kakayahang ito ay higit na mahalaga.<br><br>Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Gabay na mga tanong:**<br>1. Ano-anong mga magagalang na pananalita na ginamit mula sa anim (6) na sitwasyon.<br>2. Ano-ano ang mga estratehiya sa pamamahala ng pakikipag-usap ang maaring gamitin mula sa anim (6) na sitwasyon? | ✓ Paghahanda ng Larawan<br>✓ Paggawa ng Paunang Tanong sa mga Mag-aaral<br>✓ Pagsusuri batay sa Nilalaman ng Komunikasyon<br>✓ Pagtukoy sa Layunin ng Komunikasyon<br>✓ Pag-uugnay sa Pag-uusap at Korespondensiya<br>✓ Gawain ng Pagsasanay<br>✓ Pagsusuri at Paglalagom<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 5* |

**Opsiyon 2: Pagsusuri ng Liham**

Panuto: Basahin at suriin ang nilalaman ng liham Pasasalamat

**Liham para sa Guro**

**Ika-13 ng Mayo, 2025**
Brgy. Poblacion, Dimataling ZDS

**G. Mohaimen L. Taug**
Guro sa Filipino 11
Dimataling National High School

**Mahal kong G. Taug,**

Magandang araw po.

Ako po ay taos-pusong nagpapasalamat sa inyo sa walang sawang paggabay at pagtuturo sa amin, lalo na sa asignaturang Epektibong Komunikasyon sa Filipino. Malaki po ang aking paghanga sa inyong tiyaga at dedikasyon sa pagbabahagi ng kaalaman, hindi lamang sa mga aralin kundi pati na rin sa mahahalagang aral sa buhay.

Nais ko pong ipabatid ang aking taos-pusong pasasalamat sa lahat ng suporta at pag-unawa na inyong ipinagkaloob sa akin sa buong taon. Lubos po akong nagpapasalamat sa inyong pagbibigay-inspirasyon upang lalo pang magsumikap sa pag-aaral.

Muli, maraming salamat po sa lahat. Nawa'y pagpalain pa po kayo ng masaganang kalusugan at patuloy na tagumpay sa inyong propesyon.

**Lubos na gumagalang,**
*Babu Norhaina E. Salem*

**Gabay na mga tanong:**

1. Ano-anong magagalang na pananalita na ginamit mula sa liham?
2. Ano-anong mga estratehiyang ginamit sa pamamahala ng liham?

Ang pagsusuri ng liham ay isang mabisang gawain sa pagkatuto kung saan ang mga mag-aaral ay sumusuri sa anyo, nilalaman, layunin, at konteksto ng isang liham.

- ✓ Malaya ang guro kung saan niya ipapasulat ang gawain.

**Ang gawaing ito ay tumutugon sa layuning** *c. [Nakabubuo ng isang pormal na liham patugon gamit ang mga magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pamamahala ng paksang pinag-uusapan.]*

*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 6*

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paglalahad ng Layunin**<br>**Opsiyon 1: Pagsusuri ng Tunay na Sitwasyon ng Komunikasyon**<br>Panuto: Pangkatin ang klase sa tatlong (3) grupo. Bawat pangkat ay susuri ng mga sitwasyong may kinalaman sa komunikasyon ayon sa nilalaman at layunin nito. Pagkatapos ng pagsusuri, dapat ibahagi ng bawat grupo ang kanilang mga natuklasan sa klase, na nagsusulong ng talakayan tungkol sa iba't ibang paraan ng pagbibigay-kahulugan sa nilalaman at layunin ng komunikasyon.<br><br>**Gabay na mga tanong:**<br><br>1. Ano-ano ang mga layunin ng tagapagsalita sa bawat anyo ng komunikasyon sa email, talaarawan, at diyalogo mula sa pelikula<br>2. Anong uri ng komunikasyon ang makikita sa bawat isa: personal o intrapersonal? Ipaliwanag ang iyong sagot at magbigay ng kongkretong patunay mula sa teksto.<br>3. Paano naging mabisa ang komunikasyon sa bawat halimbawa (email, talaarawan, diyalogo)? Ipaliwanag batay sa nilalaman, layunin, at paraan ng pagpapahayag. | Ang paggamit ng mga realidad o makatotohanang mga pangyayari sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay isang napakahalagang estratehiya sa edukasyon. Ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maiugnay ang kanilang pinag-aaralan sa tunay na buhay, kaya't mas nagiging makabuluhan, kapaki-pakinabang, at pangmatagalan ang kanilang pagkatuto.<br><br>✓ Malaya ang guro kung saan niya ipapasulat ang gawain. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pangkat 1: Magsusuri ng isang *Email***<br><br>**Para kay:** aldimaer.july719@gmail.com<br>**Paksa:** Pagpapakilala at Paghingi ng Impormasyon<br><br>**Mahal na Gng. Uy,**<br>Magandang araw po. Ako po si Baby Norhaina E. Salem, isang estudyante mula sa Dimataling National High School. Nais ko po sanang magtanong tungkol sa mga kursong inaalok ng inyong institusyon para sa darating na semestre.<br>Kung maaari po, maaari po ba akong humingi ng kopya ng inyong kurikulum at mga kinakailangan sa pagpasok? Malaking tulong po ito upang makapaghanda ako nang maayos.<br>Maraming salamat po sa inyong oras at inaasahan ko po ang inyong tugon.<br>**Lubos na gumagalang,**<br>*Baby Norhaina E. Salem*<br>*babynorhaina@gmail.com* | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pangkat 2: Magsusuri ng isang Talaarawan**<br><br>Mayo 12, 2025<br><br>*Dear Diary,*<br><br>Ngayong araw, nakaramdam ako ng kaligayahan habang naglalakad sa parke. Ang mga ibon ay umaawit, at ang hangin ay malamig at sariwa. Nakita ko si Mama at Papa na nag-uusap, masaya sila kaya ako rin ay naging masaya. Habang tumatagal, napansin ko na mas marami akong natutunan tungkol sa mga bagay na mahalaga sa buhay.<br><br>Nais ko sanang maging mas responsable at maglaan pa ng oras sa pamilya at mga kaibigan. Mahalaga ang bawat sandali, at gusto kong ipagpasalamat ang mga simpleng bagay sa buhay.<br><br>Huwag kalimutan magpahinga at magpasalamat. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pangkat 3: Diyalogo Mula sa Pelikulang *Anak* (2000)**<br><br>**Josie (Vilma Santos):**<br>"Sana sa tuwing umiinom ka ng alak, habang hinihithit mo ang sigarilyo mo, habang nilulustay mo ang perang pinapadala ko, sana maisip mo rin kung ilang pagkain ang tiniis kong hindi kainin para lang makapagpadala ako ng malaking pera rito. Sana habang nakahiga ka diyan sa kutson mo, natutulog, maisip mo rin kung ilang taon akong natulog mag-isa, nangungulila ako sa yakap ng mga mahal ko. Sana maisip mo kahit kaunti kung gaano kasakit sa akin ang mag-alaga ng mga batang hindi ko kaano-ano, samantalang kayo, kayong mga anak ko, hindi ko man lang maalagaan. Alam mo ba kung gaano kasakit iyon sa isang ina? Alam mo bang gaano kasakit iyon? Kung hindi mo ako kayang ituring bilang isang ina, respetuhin mo man lang ako bilang isang tao. Yun lang, Carla. Yun man lang."<br>**Carla (Claudine Barretto):**<br>"Bakit ganon? Ang lalaki kapag binigyan niya ang pamilya niya ng pagkain, damit, bahay, tapos napag-aral niya ang mga anak niya, agad sasabihin ng mga tao, 'Aba, mahusay siyang ama!' Pero kapag babae ka, kahit ibigay mo na ang lahat ng iyon sa mga anak mo, kasama pa pati puso mo, pati kaluluwa mo, parang hindi pa rin sapat na tawagin kang mabuting ina." | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | **1. Paglalahad ng Halimbawa**<br><br>**Opsiyon 1: Mga Sitwasyong may Suliranin**<br>Panuto: Magpapakita ng dalawang senaryo sa mga mag-aaral na magsisilbing panimulang punto para sa pagsisimula ng paksa.<br><br>**Sitwasyon 1:**<br>Nakatanggap ang isang estudyante ng liham mula sa isang kaibigan na nag-aaral sa ibang bansa. Ang liham ay puno ng mga detalye tungkol sa buhay ng kaibigan sa ibang bansa, ngunit ang ilang bahagi ay mahirap maunawaan.<br><br>Ang tanong ay: Paano higit na mauunawaan ng mag-aaral ang nilalaman ng liham at mabisang makatugon?<br><br>**Sitwasyon 2:**<br>Ang mag-aaral ay naghahanda para sa isang pakikipanayam sa trabaho at nagsasanay ng mga sagot sa mga posibleng tanong. Gayunpaman, napagtanto nila na nahihirapan silang ipahayag ang kanilang mga ideya nang malinaw at maigsi.<br><br>Ang tanong ay: Paano mapapabuti ng mag-aaral ang kanilang personal na kasanayan sa komunikasyon? | Ang paggamit ng mga sitwasyong may suliranin bilang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ay isang makapangyarihang pamamaraan na nagpapalakas sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, nagpapabuti ng kanilang mga kasanayan sa paglutas ng problema, at naghahanda sa kanila para sa mga hamon sa totoong buhay.<br><br>✓ Ipapaliwanag ng guro sa mga mag-aaral na ang kakayahang maunawaan at maipahayag ang sarili nang epektibo sa Personal at Interpersonal na komunikasyon ay mahalaga sa maraming aspeto ng buhay, maging sa paaralan, sa trabaho, o sa mga sitwasyong panlipunan.<br>✓ Maaaring magbanggit ng mga |

| | | |
|---|---|---|
| | | halimbawa kung paano maaaring humantong sa hindi pagkakaunawaan, salungatan, at mga hindi pagkakaunawaan ang mahinang komunikasyon. |
| | **2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto**<br><br>**Personal na Komunikasyon**<br>*(Pakikipag-usap sa sarili o sariling pagninilay)*<br>**Personal** ay kilala rin bilang komunikasyong pansarili o nagaganap ito sa isipan ng isang indibidwal.<br><br>Mga Uri:<br>**1. Monologo ng Isang Mag-aaral**<br>Isang eksenang nagpapakita ng estudyanteng nagmumuni-muni tungkol sa kanyang kinabukasan, takot, o pangarap.<br>Halimbawa: "Kaya ko ba talaga ang kursong ito?" (habang kausap ang sarili sa salamin).<br><br>**2. Pagpapasya sa Gitna ng Pagsubok**<br>Isang karakter ang kailangang pumili sa pagitan ng tama at mali Halimbawa: *cheating sa exam* (habang pinapakita ang usapan niya sa kanyang konsensya).<br><br>**3. Voice-over ng Isip**<br>Habang may ginagawa ang tauhan<br>Halimbawa: Tumutulong sa bahay. (may *voice-over* na nagsasabi ng kanyang iniisip). | ✓ Sa bahaging ito, tatalakayin ng guro ang layunin ng tagapagsalita sa isang Personal at Interpersonal na usapin o sulatin. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa iba't ibang layunin ng komunikasyon sa iba't ibang aspeto upang makabuo ng sariling pagsusuri o opinyon ukol sa bisa ng personal o interpersonal na diskurso.<br><br>✓ Malaya rin na magdagdag pa ang guro ng kaniyang sariling mga halimbawa o |

| | | |
|---|---|---|
| | **4. Pagsulat ng Liham sa Sarili**<br>Isang eksenang nagsusulat ang tauhan ng liham para sa kanyang nakaraang o hinaharap na sarili, na binabasa rin sa eksena.<br>______<br>**Interpersonal** ay nangyayari at nagaganap sa pagitan ng dalawa o higit pang tao.<br><br>**Interpersonal na Komunikasyon**<br>(Pakikipag-usap sa ibang tao – kaibigan, pamilya, kapwa)<br><br>**1. Pag-aaway at Pag-aayos ng Magkaibigan**<br>Halimbawa: Hindi pagkakaunawaan ng dalawang matalik na kaibigan at kung paano nila ito naresolba sa pamamagitan ng bukas na komunikasyon.<br>**2. Usapan ng Magulang at Anak**<br>Halimbawa: Isang anak ang nahihirapang sabihin sa magulang ang kanyang gusto sa buhay.<br>Halimbawa: kurso o partner, ngunit sa bandang huli ay nagkaroon ng bukas na pag-uusap.<br>**3. Paghingi ng Paumanhin**<br>Isang tauhan ang nagsisikap humingi ng tawad sa nagawa niyang kasalanan sa kaibigan o kapamilya.<br>**4. Pagpapayo ng Kaibigan**<br>Eksena kung saan isang kaibigan ang nagbibigay ng payo sa isa pang may pinagdadaanan – ipinapakita ang malasakit at aktibong pakikinig.<br>**Layunin ng Personal at Intrapersonal na komunikasyon:**<br>Ito ay nauugnay sa pag-unawa sa sarili at pagpapahayag ng sariling damdamin, saloobin, at kaisipan.<br>**Personal na Komunikasyon** | sitwasyon, mas mainam kung ang mga ito ay sumasalamin sa mga karanasan ng kaniyang mga mag-aaral upang mas madalumat pa ang nasabing aralin.<br><br>✓ Malayang gumamit ng iba't ibang estratihiya sa pagtuturo sa aralin na ito. Mas mainam na gamitin ang mg karanasan ng mga mag-aaral sa pang-araw-araw na pakikipagsalamuha nila sa lipunan. |

- Pagpapahayag ng Kaisipan at Saloobin

Ang personal na komunikasyon ay nagbibigay daan upang maipahayag natin ang ating mga ideya, opinyon, at damdamin. Ito ay mahalaga upang maiparating natin sa iba ang ating mga nais ipahayag at upang mapakinggan din ang kanilang mga saloobin.

- Pagpapalalim ng Pag-unawa sa Sarili at Iba

Sa pamamagitan ng personal na komunikasyon, natututo tayong makinig at magbigay ng kahulugan sa mga mensahe ng iba. Ito ay tumutulong sa atin na mas maunawaan ang ating sarili at ang ating mga relasyon sa ibang tao.

- Pagpapalaganap ng Tamang Impormasyon

Ang personal na komunikasyon ay isang paraan upang magpakalat ng tamang impormasyon at kapaki-pakinabang na kaalaman. Ito ay mahalaga upang maiwasan ang maling impormasyon at upang mapanatili ang kaayusan at pagkakaisa sa komunidad.

- Pagpapalakas ng Ugnayan at Relasyon

Ang personal na komunikasyon ay tumutulong sa pagpapalakas ng ugnayan at relasyon sa pamilya, kaibigan, at komunidad. Sa pamamagitan ng bukas at tapat na komunikasyon, natututo tayong magtulungan at magkaunawaan.

- Pagpapahayag ng Pagpapahalaga at Paggalang

Ang personal na komunikasyon ay isang paraan upang ipahayag ang ating pagpapahalaga at paggalang sa iba. Sa pamamagitan nang maayos na pakikipag-usap, naipapakita

| | | |
|---|---|---|
| | natin ang ating malasakit at respeto sa kanilang mga opinyon at damdamin.<br><br>**Intrapersonal na Komunikasyon**<br>✓ Pagpapalawak ng Kamalayan sa Sarili<br><br>Ang intrapersonal na komunikasyon ay nagpapalalim ng ating pag-unawa sa ating sarili. Sa pamamagitan ng pagmumuni-muni at pagsusuri, natutukoy natin ang ating mga lakas, kahinaan, at mga pinahahalagahan, na tumutulong sa atin na gumawa ng mga desisyon na akma sa ating tunay na pagkatao.<br><br>✓ Pagpapabuti ng Kakayahan sa Pagpapasya<br><br>Sa pamamagitan ng pagninilay at pagsusuri sa ating mga saloobin, mas nagiging malinaw ang ating mga layunin at prayoridad. Ito ay nagiging gabay sa paggawa ng mga desisyon na naaayon sa ating mga pinahahalagahan at layunin sa buhay.<br><br>✓ Pamamahala ng Emosyon at *Stress*<br><br>Ang intrapersonal na komunikasyon ay tumutulong sa atin na maunawaan at pamahalaan ang ating mga emosyon. Sa pamamagitan ng pagmumuni-muni, natutukoy natin ang mga sanhi ng ating stress at nakakahanap tayo ng mga epektibong paraan upang makayanan ito.<br><br>✓ Pagpapalakas ng Imahe sa Sarili at Pagpapahalaga<br><br>Ang positibong intrapersonal na komunikasyon ay nagpapalakas ng ating *self-esteem.* Sa pamamagitan ng pagbibigay ng positibong mensahe sa ating sarili, | |

| | | |
|---|---|---|
| | natutulungan natin ang ating sarili na magkaroon ng mas mataas na pagpapahalaga at kumpiyansa.<br><br>✓ Pagpapahusay ng Kakayahan sa Paglutas ng Problema<br><br>Ang intrapersonal na komunikasyon ay tumutulong sa atin na suriin ang mga sitwasyon mula sa iba't ibang pananaw, mag-isip nang kritikal, at mag-develop ng mga malikhaing solusyon. Ang pagsusuri sa ating mga karanasan ay nagpapalawak ng ating kakayahan sa paglutas ng problema.<br><br>✓ Pagpapalago ng Malasakit at Pag-unawa<br><br>Ang intrapersonal na komunikasyon ay hindi lamang nagpapalalim ng ating pag-unawa sa ating sarili kundi pati na rin sa iba. Sa pamamagitan ng introspeksyon, natututo tayong makiramay at makinig sa iba, na nagpapabuti sa ating mga relasyon at komunikasyon. | |
| | **3. Paglinang ng Kabihasaan**<br>**Opsiyon 1: Katwiran Ko, Ipaglalaban Ko!**<br>**Panuto:** Pangkatin ng dalawa (2) ang klase. Ang bawat pangkat ay may isang suliranin na siyang bibigyan nila ng katwiran. Pagkatapos ng pangangatwiran ay magbibigay ng mga tanong ang katunggali nitong grupo upang patunayan ang inilatag na suliranin na kanilang napili.<br><br>**Pangkat 1:**<br>Suliranin: Ipinakikita ng mga pag-aaral na humigit-kumulang 93% ng komunikasyon ay di-berbal, ibig sabihin ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng galaw ng katawan, ekspresyon ng mukha, tono at lakas ng boses, atbp. | Ang pagbibigay ng katwiran o opinyon ay isang mahalagang bahagi ng pagkatuto na nagpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral na mag-isip nang malaya, lohikal, at mapanuri**.** Sa pamamagitan nito, natututo silang ipahayag ang sarili, ipagtanggol ang kanilang pananaw, at makibahagi sa makabuluhang talakayan — mga kasanayang mahalaga |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pangkat 2:**<br>Suliranin: Ang karaniwang tao ay gumugugol ng humigit-kumulang 70% ng kanilang oras ng paggising sa pakikipag-usap sa ilang anyo, kung nagsasalita, nakikinig, nagsusulat, o nagbabasa. | hindi lamang sa paaralan kundi sa tunay na buhay.<br><br>Upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral, maaaring magbahagi ang guro ng ilang mga kuryusidad o kawili-wiling mga katotohanan tungkol sa personal at interpersonal na komunikasyon.<br><br>**Ang gawaing ito ay tumutugon sa layunin** a. *Nakikilala ang layunin ng tagapagsalita sa isang personal o interpersonal na usapan o sulatin.]*<br><br>✓ Ang guro ay malayang magdedesisyon ilang tanong ang kaniyang ipapagawa sa bawat grupo. |
| **C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** | **1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon**<br><br>**Opsiyon 1: Suring Sitwasyon**<br>**Panuto:** Suriin kung anong layunin ng komunikasyon ang ipinakita sa bawat sitwasyon at ipaliwanag sa klase ang iyong sagot. Gamitin ang halimbawang pormat sa ibaba. | Ang Suring Sitwasyon ay isang estratehiya kung saan ang mga mag-aaral ay hinahamon na mag-analisa ng mga tunay o kathang-isip na sitwasyon na may kasamang suliranin. Sa pamamagitan nito, natututo silang mag-isip nang kritikal, magtimbang ng mga opsyon, at gumawa ng |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>



**Mga sitwasyon:**

1. Nag-text ka sa kaibigan mo dahil may problema ka.

2. Kinausap mo ang guro dahil may nais kang linawin sa tatanghalin na palatuntunan sa paaralan.

3. Lakas loob mong hinarap ang sarili sa salamin para hamunin na kaya mong tapusin ang inatas na gawain sa iyo.

4. Nag- email ka sa iyong manager para sa isang report.


5. Tumawag ka sa cellphone ng tatay mo para magpa-alam na matatagalan ka sa pag- uwi.
</td>
<td>
mga desisyon batay sa mga prinsipyo at pagpapahalaga.

**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**

✓ Suriin kung anong layunin ng komunikasyon ang ipinakita sa bawat sitwasyon<br>
✓ Ipaliwanag sa klase ang iyong sagot.<br>
✓ Gamitin ang halimbawang pormat sa ibaba.

***Ang gawain ay tumutugon sa***<br>
*c. Nakasusuri ng opinyon ukol sa bisa ng isang personal o interpersonal na diskurso.*


*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 7*
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Opsiyon 2: Piksuri**<br><br>Panuto: Tukuyin ang pagkakatulad ang pagkakaiba sa uri ng komunikasyon na ipinakita sa bawat larawan at isulat ang inyong mga sagot sa *graphic organizer* na nasa ibaba.<br><br><br> | Ang isang paghahambing at pag-iiba ng kakayahan sa aktibidad sa pag-aaral ay nakatuon sa pagtukoy ng mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng dalawa o higit pang mga konsepto, bagay, o ideya. Ito ay isang mahalagang kasanayan para sa pagbuo ng mas mataas na pagkakasunud-sunod na pag-iisip, pag-unawa sa teksto, at pagsusuri.<br><br>Mga Inaasahang Sagot:<br><br>Pagkakatulad:<br><br>✓ Nagpapahayag ng damdamin at impormasyon – Parehong ginagamit upang iparating ang saloobin, ideya, o layunin.<br>✓ May tagapagsalita at tagapakinig – Sa parehong uri, may nagpapadala at tumatanggap ng mensahe.<br>✓ Maaaring gamitin sa pasalita o pasulat na |

| | | |
|---|---|---|
| | | anyo – Liham, usapan, chat, text, o harapang pag-uusap.<br><br>✓ May layuning mapanatili ang ugnayan – Gamit sa pagpapalalim ng relasyon, pag-unawa sa isa't isa.<br><br>**Pagkakaiba:**<br><br>✓ Ang komunikasyong ipinapakita sa larawan ay interpersonal dahil may palitan ng damdamin at impormasyon sa pagitan ng dalawang tao. Maaari itong maging di-pormal na pag-uusap sa pagitan ng magkaibigan, na may layuning mapanatili ang kanilang samahan.<br><br>✓ Katulad ng personal na komunikasyon, ginagamit din ito upang maipahayag ang iniisip at |

| | | |
|---|---|---|
| | | nararamdaman. Ngunit kaibahan nito, may tagatanggap ng mensahe at may interaksyon."<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 8* |
| | **2. Paglalahat**<br><br>**Opsiyon 1: Paint me a Picture**<br>Panuto: Sundin ang<br>**1. Pagbuo at Sitwasyon ng Grupo:**<br>Pangkatin ang klase batay sa naunang gawain ang guro ay magbibigay ng isang tiyak na sitwasyon na ipapakita batay sa uri at layunin ng personal at interpersonal na komunikasyon.<br>Mga Halimbawa ng Sitwasyon:<br>1. Pagpapayo sa Kaibigan<br>2. Paghingi ng Paumanhin sa guro<br>3. Usapan ng Magulang at Anak<br><br>**2. Mag-pose at Mag-freeze:**<br>Gagamitin ng bawat grupo ang kanilang mga katawan at anumang personal na gamit upang lumikha ng isang visual na representasyon ng sitwasyon. Pagkatapos ng 30 segundo ay bibigkasin ng guro ang salitang freeze, hudyat kung saan hihinto ang lahat sa kanilang mga pose.<br><br>**3. Paghusga**<br>Ang guro ang tatayong tagapaghukom na magtatasa sa katumpakan at pagkamalikhain ng mga pose. | Ang larong "**Paint Me a Picture**", isang variation ng isang charades-style na aktibidad, ay kinapapalooban ng mga grupong nagpapanggap upang kumatawan sa mga sitwasyon o eksena, gamit lamang ang kanilang mga katawan at personal na gamit.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br>✓ Ang isang facilitator ay nagpapakita ng isang sitwasyon<br>✓ Ang mga grupo ay nag-*choreograph* at nag-*freeze* ng kanilang mga pose upang ilarawan ang eksena.<br>✓ Ang laro ay maaari ding kasangkot sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | pagkuha ng mga larawan ng mga pose para sa paghusga sa ibang pagkakataon. |
| | **Opsiyon 2: Copy and Paste Me**<br><br>Panuto: Gupitin ang mga salita sa ibaba at idikit ang mga ito sa mga tamang kategorya. | Ang layunin ng ganitong uri ng gawain ay mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpili ng tamang sagot na may kasamang paliwanag.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br>✓ Gamitin ang ipinakitang pormat sa pagsasagawa ng gawain<br>✓ Gupitin ang mga salita sa ibaba at idikit ang mga ito sa mga tamang kategorya.<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 9* |



## LAYUNIN NG PERSONAL AT INTERPERSONAL NA KOMUNIKASYON

| PERSONAL | INTERPERSONAL |
|---|---|
| | |

| | | |
|---|---|---|
| Pagpapalaganap ng Tamang Impormasyon | Pagpapalawak ng Kamalayan sa Sarili | Pagpapalakas ng Imahe sa Sarili at Pagpapahalaga |
| Pagpapalalim ng Pag-unawa sa Sarili at Iba | Pagpapahayag ng Pagpapahalaga at Paggalang | Pagpapalago ng Empatiya at Pag-unawa |
| Pagpapabuti ng Kakayahan sa Pagpapasya | Pagpapalakas ng Ugnayan at Relasyon | Pamamahala ng Emosyon at Stress |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Pagtataya**<br><br>**Opsiyon 1: Maramihang Pagpipilian**<br>Panuto: Basahing mabuti ang bawat bilang at piliin ang titik na tumutugma sa tinutukoy sa bawat isa.<br>**Opsiyon 2: Sagutin Mo**<br><br>1. Ano ang isang pangunahing layunin ng personal na komunikasyon?<br>A. Upang hikayatin ang iba na kumilos at magbigay ng pananaw.<br>B. Upang ipahayag ang mga personal na kaisipan at damdamin<br>C. Upang aliwin ang isang madla na dalhin ang emosyonng nakasaad sa usapan.<br>D. Upang magbigay ng makatotohanang impormasyon batay sa sariling paniniwala<br><br>2. Ano ang pangunahing layunin ng interpersonal na komunikasyon?<br>A. Upang lumikha ng isang panukala sa negosyo<br>B. Upang bumuo at mapanatili ang mga relasyon<br>C. Upang maghatid ng isang pormal na talumpati<br>D. Upang magsulat ng isang pananaliksik na papel<br><br>3. Alin sa mga sumusunod ang mahalaga para sa mabisang interpersonal na komunikasyon?<br>A. Aktibong pakikinig at malasakit<br>B. Nagsasalita sa malakas na boses<br>C. Pagpapanatili ng isang pormal na tono<br>D. Paggamit ng may malawak na bokabularyo<br><br>4. Ano ang mga pangunahing bahagi ng proseso ng komunikasyon?<br>A. Ang guro, ang mag-aaral, at ang paksa<br>B. Ang tagapagsalita, ang madla, at ang paksa<br>C. Ang manunulat, ang tagasuri, at ang publisher<br>D. Ang nagpadala, ang mensahe, at ang tagatanggap | Ang maramihang pagpipilian na pagtataya ay isang uri ng objective type na pagtatasa. Ito ay isang format kung saan ang mga respondent ay pumili ng isang tamang sagot mula sa isang listahan ng mga ibinigay na opsyon.<br><br>✓ Malaya ang guro kung saan niya ipapasulat ang gawain.<br><br>**SUSING SAGOT:**<br>1. B<br>2. B<br>3. A<br>4. D<br>5. D |

5. Ano ang karaniwang layunin ng mabisang komunikasyon sa interpersonal na pakikipag-ugnayan?

A. Para mangibabaw sa usapan
B. Upang lumikha ng kalituhan
C. Upang huwag pansinin ng ibang tao
D. Upang linawain ang mga hindi pagkakaunawaan

**Opsiyon 2: Sagutin Natin**

**Panuto:** Isulat sa angkop na bahagi ng talahayan ang mga sumusunod na pahayag kung ito ay tumutukoy bilang personal o interpersonal na komunikasyon, at isulat kung ano ang naging layunin nito.

1. Nagsulat si Ana sa kanyang journal matapos silang mag-away ng kaibigan.
2. Kinausap ni Mark ang kanyang guro upang humingi ng konsiderasyon.
3. Naisip ni Leo ang kanyang mga layunin sa buhay habang naglalakad mag-isa.
4. Nakikipagtalo sa kapatid tungkol sa gamit sa bahay.
5. Nagsusulat ng plano sa hinaharap sa journal.

| PAHAYAG NA PERSONAL | PAHAYAG NA INTERPERSONAL | LAYUNIN |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Ang paggamit ng identipikasyon bilang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ay isang mahalagang pamamaraan na nakatutok sa pagtukoy at pag-unawa ng mga konsepto, ideya, o elemento sa isang partikular na paksa. Ang estratehiyang ito ay hindi lamang nakatutok sa pagpapalawak ng kaalaman, kundi pati na rin sa pagpapalalim ng pag-unawa at aplikasyon ng mga natutunan.

**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**

✓ Malaya ang guro kung saan niya ipapasulat ang gawain.

***Ang gawain ay tumutugon sa*** *b. Natutukoy ang layunin ng komunikasyon batay sa gamit ng wika, tono at konteksto.*

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**4. Karagdagang Gawain**

**Opsiyon 1: Karanasan Kayang Isulat**

**I.** Panuto: Magbigay ng **dalawang (2) sitwasyon** mula sa iyong personal na buhay kung saan:

- Gumamit ka ng **personal na komunikasyon.**
- Gumamit ka ng **interpersonal na komunikasyon.**

**Halimbawa ng maaring gamitin na paraan sa pagsagot**







</td>
<td>

Ang *reflective* na pagtuturo ay isang proseso kung saan kritikal na sinusuri ng mga tagapagturo ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo, kabilang ang kanilang mga paniniwala, estratehiya, at resulta ng mag-aaral, upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto ng estudyante. Ito ay nagsasangkot ng isang paikot na proseso ng pagmamasid, pagsusuri, at pagkilos, na humahantong sa patuloy na propesyonal na pag-unlad at pagbagay ng mga pamamaraan ng pagtuturo.

**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**

- ✓ Malaya ang guro kung saan niya ipapasulat ang gawain.
- ✓ Magbigay ng tatlong (3) sitwasyon mula sa iyong personal na buhay kung saan:
- ✓ Gumamit ka ng personal na komunikasyon

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | ✓ Gumamit ka ng interpersonal na komunikasyon<br>✓ Ipaliwanag sa bawat isa ang layunin ng komunikasyong iyong ginawa.<br><br>*Tingnan sa LAS (SHS_MK_Q1_LAS_LE4) Gawain Bilang 10* |
| | **Opsiyon 2: Isulat Mo, Huhulaan ko!**<br><br>**Panuto:** Magpakita ng mga sitwasyon at hayaang tukuyin ng mga mag-aaral kung ito ay personal o interpersonal. Ipatukoy rin ang layunin, tono at konteksto ng kanyang pahayag.<br>*Halimbawa:*<br>• "Sinulat ko sa diary ang nararamdaman ko." ➤ Personal (pagpapahayag ng damdamin)<br>• "Tinawagan ko ang aking kapatid para humingi ng tulong." ➤ Interpersonal (paghingi ng impormasyon/pagtutulungan) | Ang estratehiyang Isulat Mo, Huhulaan ko! ay isang makabuluhang pamamaraan sa pagtuturo na naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga sitwasyon, pagtukoy ng layunin, tono, at konteksto ng pahayag. Narito ang ilang hakbang at halimbawa upang maipatupad ito nang epektibo:<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br>✓ Magpakita ng mga sitwasyon at hayaang tukuyin ng mga mag-aaral kung ito ay personal o interpersonal.<br>✓ Ipatukoy rin ang layunin, tono at |

| | | |
|---|---|---|
| | | konteksto ng kanyang pahayag. |
| | **Opsiyon 3: Manood at Magmasid**<br><br>Panuto: Mag-obserba ng isang programa sa TV o online (hal. news, vlog, o teleserye). Sagutin ang:<br><br>● Ano ang layunin ng komunikasyon ng tagapagsalita?<br>● Ano ang tono at konteksto ng kanyang pahayag? | Ang paggamit ng estratehiyang Manood at Magmasid bilang pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ay isang makapangyarihang paraan upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagmamasid, pagsusuri, at aplikasyon ng kanilang natutunan sa mga tunay na sitwasyon. Sa pamamagitan nito, natututo silang mag-obserba ng mga detalye, mag-analisa ng mga sitwasyon, at magbigay ng mga konklusyon batay sa kanilang pagmamasid.<br><br>**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**<br><br>✓ Mag-obserba ng isang programa sa TV o online (hal. news, vlog, o teleserye).<br>✓ Maaring gumawa ng talahanayan bilang gabay sa mag- aaral sa pagsagot |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>✓ Paggabay sa pagsagot sa gabay na tanong sa pamamagitan ng pasalitang tanungan</td>
</tr>
<tr>
<td>VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT<br>(Pagtataya sa Natutuhan)</td>
<td>
Opsiyon 1: Pangkatang Gawain: Role-play (Sa pares):<br>
Panuto: Ipabunot sa bawat pares ng isang sitwasyon (hal. paghingi ng paumanhin, pakikipag-ayos ng alitan, paghingi ng tulong) at ipasagawa ang dayalogo batay sa layunin ng komunikasyon. Gamitin ang magalang na pananalita. Ipakita ang pagsasadula sa loob ng klase.<br><br>
<u>RUBRIK SA PAGSASADULA NG DAYALOGO</u><br><br>
<table>
<tr><th>Kategorya</th><th>5 – Napakahusay</th><th>3 – Katamtaman</th><th>1 – Nangangailangan ng Pagsasanay</th></tr>
<tr><td>Kalinawan ng Layunin</td><td>Lubos na malinaw ang layunin ng dayalogo batay sa sitwasyon (hal. humihingi ng paumanhin, nakikipag-ayos, o humihingi ng tulong).</td><td>Bahagyang malinaw ang layunin; may kaunting kalituhan.</td><td>Hindi malinaw o hindi angkop ang layunin ng dayalogo.</td></tr>
<tr><td>Paggamit ng Magalang na Pananalita</td><td>Palaging gumamit ng magalang at angkop na pananalita sa buong dayalogo.</td><td>May 1–2 pagkakataong hindi naging magalang o nawala sa tono.</td><td>Halatang kulang sa paggalang o hindi ginamit nang tama ang wika.</td></tr>
<tr><td>Nilalaman ng Dayalogo</td><td>Makabuluhan, makatotohanan, at may</td><td>May kaisahan ngunit kulang</td><td>Malabo ang konteksto at</td></tr>
</table>
</td>
<td>Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:<br><br>(naging bahagi sa paraang …<br><br>Ang pagsasadula ay isang diskarte sa pagtuturo kung saan ang mga mag-aaral ay nagsasagawa ng mga tinukoy na tungkulin at gumagawa ng mga pag-uugali sa makatotohanang mga senaryo, na nagpapatibay ng aktibong pag-aaral at pag-unlad ng kasanayan. Hinihikayat nito ang pakikipag-ugnayan, nagbibigay ng plataporma para sa pag-unawa sa iba't ibang pananaw, at pinapayagan ang mga mag-aaral na ilapat ang kanilang kaalaman sa mga praktikal na sitwasyon.</td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| | koneksyon sa sitwasyon. | sa lalim o detalye. | kulang sa detalye. |
| **Pagganap at Pagpapahayag** | Malinaw, may damdamin, at may epektibong interaksyon sa kapareha. | Bahagyang may emosyon, ngunit may kakulangan sa pakikipag-ugnayan. | Walang emosyon, kabado o hindi epektibo ang pagpapahayag |
| **Kooperasyon ng Magkapareha** | Mahusay ang koordinasyon at pantay ang partisipasyon. | May kaunting kakulangan sa balanse ng pagsasalita o kilos. | Isa lamang ang halos nagsasalita o halatang walang ugnayan. |

**Kabuuang Puntos: /25**
**Interpretasyon:**

- **23–25** = Napakahusay
- **18–22** = Katamtamang Mahusay
- **13–17** = Kailangang Pagbutihin
- **12 pababa** = Kailangang Gabayan

**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**

- ✓ Ipabunot sa bawat pares ng isang sitwasyon
- ✓ Ipasagawa ang dayalogo batay sa layunin ng komunikasyon.
- ✓ Gamitin ang magalang na pananalita. Ipakita ang pagsasadula sa loob ng klase.

**Indibidwal na Gawain:**

Panuto: Magsulat ng **maikling journal entry** (3–5 pangungusap) kung saan ginamit mo ang personal na komunikasyon upang iproseso ang iyong damdamin tungkol sa isang karanasang hindi mo malimutan.

**<u>RUBRIK SA PAGSUSULAT NG JOURNAL ENTRY</u>**

| Kategorya | 5 – Napakahusay | 3 – Katamtaman | 1 – Nangangailangan ng Pagsasanay |
|---|---|---|---|

Ang pagsulat ng journal ay tinatawag ding *reflective learning,* ito ay karaniwang tinukoy bilang pagsulat tungkol sa mga karanasan sa pag-aaral (Hermansyah, 2016). Hinihikayat ng estratehiyang ito ang pagmuni-muni ng sarili na humahantong sa pag-unlad at paglago ng paghatol, mga personal na halaga, at mga

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Malinaw at tapat ang paglalahad ng damdamin at karanasan. | May paglalarawan ng damdamin ngunit kulang sa detalye. | Malabo o hindi malinaw ang damdamin at karanasang inilalahad. |
| **Personal na Komunikasyon** | Malinaw na ginamit ang personal na komunikasyon (hal. diary, pagmumuni). | Bahagyang ginamit o binanggit ang personal na komunikasyon. | Hindi malinaw o hindi ginamit ang personal na komunikasyon. |
| **Kohesyon at Organisasyon** | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya at malinaw ang daloy. | May kaunting kalituhan sa daloy ng pangungusap. | Magulo o putul-putol ang ideya, walang malinaw na daloy. |
| **Gramatika at Baybay** | Wasto ang gramatika, baybay, at bantas. | May 1–2 maliit na kamalian sa gramatika o baybay. | Maraming kamalian sa gramatika, baybay, o bantas. |

kasanayan sa kritikal na pag-iisip.

**Sundin ang mga Hakbang sa ibaba para sa gawain:**

- ✓ Magsulat ng maikling journal entry (3–5 pangungusap) kung saan ginamit mo ang personal na komunikasyon upang iproseso ang iyong damdamin tungkol sa isang karanasang hindi mo malimutan.

**Opsiyon 2: Maramihang Pagpipilian**

1. Sa isang pormal na pag-uusap, alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng makatao, epektibo, at kultural na sensitibong paraan ng pagpapasimula ng isang usapan, batay sa pamantayan ng etika at komunikasyong propesyonal?
   A. Paggamit ng mas malakas na tinig upang epektibong makuha ang atensyon ng kausap sa tamang pagkakataon at konteksto.
   B. Paggamit ng magaang o nakakatawang pahayag bilang panimula upang pagaanin ang tensyon sa isang seryosong usapan, kung angkop sa konteksto.

Ang maramihang pagpipilian na pagtataya ay isang uri ng objective type na pagtatasa. Ito ay isang format kung saan ang mga respondent ay pumili ng isang tamang sagot mula sa isang listahan ng mga ibinigay na opsyon.

- ✓ Malaya ang guro kung saan niya ipapasulat ang gawain.

| | | |
|---|---|---|
| | C. Makatwirang pagtalakay sa paksa matapos magbigay ng magalang na pagbati gaya ng "Kumusta!" bilang pagpapakita ng respeto at propesyonalismo.<br>D. Isang magalang at mahinahong pagbati tulad ng 'Magandang araw po,' na nagpapakita ng respeto at magandang hangarin sa pakikipagkomunikasyon.<br>2. Sa konteksto ng mabisang interpersonal na komunikasyon, alin sa mga sumusunod na gawi ang nagpapakita ng mataas na antas ng paggalang at etikal na pakikilahok sa turn-taking o pagpapalitan ng pagsasalita?<br>A. Pagpapahayag ng ideya sa tamang sandali sa paraang nagpapakita ng respeto sa daloy ng usapan.<br>B. Aktibong pakikibahagi sa usapan sa pamamagitan ng sabayang pagsasalita, bilang pagpapakita ng interes at pagnanais na makibahagi sa palitan ng ideya.<br>C. Magalang na pagpapahayag ng intensyong makibahagi sa usapan sa pamamagitan ng maingat na paghingi ng pahintulot, gaya ng pagsabi ng 'Maaari po ba akong magsalita?'<br>D. Pagpapakilala ng bagong paksa upang mapalawak ang usapan, kung ito ay maipapahayag sa malinaw na paraan na pahayag gaya ng "Kailan ako mabibigyan ng pagkakataon na magsalita?"<br>3. Paano maipapaliwanag ang papel ng back-channeling sa pagpapatibay ng ugnayan at pagkaunawa sa loob ng isang interaktibong usapan?<br>A. Pagpapasimula ng bagong paksa upang magdagdag ng panibagong perspektibo o direksyon sa usapan.<br>B. Pagbibigay ng pansin sa ibang bagay habang kausap, na maaaring magpakita ng pag-iisip o pagproseso ng impormasyon.<br>C. Aktibong pagbabahagi ng sariling opinyon bilang pakikilahok sa usapan tulad ng paggamit ng "Tama naman", na magiging mas makabuluhan. | **SUSING SAGOT:**<br>1. D<br>2. C<br>3. D<br>4. B<br>5. C<br>6. D<br>7. A<br>8. C<br>9. D<br>10. C |

| | | |
|---|---|---|
| | D. Pagpapakita ng aktibong pakikinig at pagpayag sa sinasabi ng kausap sa pamamagitan ng pagtango o paggamit ng mga kumpirmasyong salita tulad ng 'Oo' o 'Tama'.<br>4. Paano maisasagawa ang isang tugon sa kausap na hindi lamang nagpapakita ng pag-unawa, kundi nagpapalalim din sa kahulugan ng usapan at nagpapatibay ng ugnayan sa pagitan ng mga tagapagsalita?<br>A. Pansamantalang hindi pagtugon sa sinabi ng kausap, na maaaring dulot ng pag-iisip o pagproseso ng impormasyon.<br>B. Maikling ngunit makabuluhang tugon tulad ng 'Naiintindihan ko,' bilang pagpapakita ng aktibong pakikinig at pag-unawa sa kausap.<br>C. Malawak na pagpapaliwanag sa pahayag na “Sa aking paniniwala.” upang maipahayag nang buo ang ideya, para mas magiging epektibo ang pag- uusap.<br>D. Magalang na paglipat sa panibagong paksa gamit ang pahayag na “Sa kabilang daku,” upang mapalawak ang usapan, na mas magiging epektibo kung isinasagawa sa tamang oras at may malinaw na pag-uugnay.<br><br>5. Paano mo isasagawa ang isang angkop at epektibong pagtatapos ng pormal na usapan upang mapanatili ang propesyonalismo at positibong ugnayan sa mga kalahok?<br>A. Maingat na pagpapakilala ng bagong paksa bilang paghahanda bago magpaalam upang mapanatili ang daloy ng usapan at malinaw ang pagtatapos.<br>B. Maagang pagsasara ng usapan upang magbigay-daan sa iba pang mahahalagang gawain, na mas magiging epektibo kung ipinaalam nang maayos sa mga kalahok.<br>C. Maayos na pagpapahayag ng pasasalamat at pagwawakas ng usapan, tulad ng pagsabi ng 'Maraming salamat po sa oras ninyo,' bilang tanda ng paggalang at pagpapahalaga.<br>D. Pag-alis mula sa usapan sa pagsabi ng “Paalam na sa inyo.” na maaaring ipakita ang pagnanais na umiwas sa | |

| | | |
|---|---|---|
| | abala sa mas mainam na pahayag na sinasamahan ng magalang na pamamaalam.<br><br>6. Paano nakatutulong ang paggamit ng magagalang na pananalita sa pagtataguyod ng epektibong ugnayan at pag-unlad ng makataong komunikasyon sa iba't ibang konteksto?<br>A. Upang maging mas episyente at organisado ang daloy ng usapan.<br>B. Upang maayos na mahikayat ang pakikinig at pagtutok ng lahat ng kalahok sa usapan.<br>C. Upang maghatid ng kasiyahan at magaan na damdamin sa kausap sa pamamagitan ng kaaya-ayang pagbibiro.<br>D. Upang mapanatili ang maayos na daloy ng usapan at maipakita ang paggalang sa bawat kalahok sa komunikasyon.<br>7. Ano ang mga implikasyon ng personal at pormal na komunikasyon sa bawat uri at paraan ng pagpapahayag maging ang pagtanggap ng mensahe?<br>A. Karaniwang di-pormal ang personal na komunikasyon, na nagtataguyod ng mas malapit at masining na ugnayan sa pagitan ng mga nag-uusap.<br>B. Ang personal na komunikasyon ay kadalasang naglalaman ng emosyon bilang bahagi ng pagpapahayag ng damdamin at intensyon ng mga kalahok.<br>C. Ang personal na komunikasyon ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pagsulat o pasalita, depende sa konteksto at layunin ng mga nag-uusap.<br>D. Karaniwang hindi palaging pormal ang personal na komunikasyon; ito ay nag-iiba depende sa konteksto at layunin ng pakikipag-ugnayan. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 8. Paano mo maipaplanong magalang at epektibong ipakilala ang paksa sa isang usapan nang hindi naaantala ang daloy at naipapakita ang respeto sa mga kalahok?<br>A. Maayos na pagtaas ng boses upang epektibong makuha ang atensyon ng mga kalahok sa usapan.<br>B. Paggamit ng nakakaaliw na pahayag tulad ng "Tama ka", na may kaugnayan sa paksa upang magbigay ng kasiyahan at magpagaan ng atmospera sa usapan.<br>C. Magalang na paglipat ng paksa sa pamamagitan ng mahinahong pagpapahayag, tulad ng pagsabi ng 'Kung maaari po, upang mapanatili ang magandang daloy ng usapan at respeto sa mga kalahok.<br>D. Maagang paglahok sa usapan gaya ng "nais ko sanang pag-usapan ang…," upang maipahayag ang mahahalagang punto, na mas magiging epektibo kung isasagawa nang may konsiderasyon sa daloy ng pag-uusap.<br><br>9. Ano ang mga kritikal na elemento at prinsipyo na dapat isaalang-alang upang matiyak ang pagiging epektibo at propesyonalismo sa pagsulat ng pormal na korespondensiya?<br>A. Pagsasama ng mga impormasyon na sumusuporta sa pangunahing tema upang mapalawak ang pang-unawa, na mas magiging epektibo.<br>B. Pagbibigay ng detalyadong paliwanag sa liham upang mas maging malinaw ang mensahe, na mas epektibo kung nakatuon at may kaugnayan sa paksa.<br>C. Paggamit ng angkop na palamuti sa liham upang mapahusay ang kaakit-akit na presentasyon, nang hindi nalalampasan ang pagiging malinaw at propesyonal.<br>D. Maagang pagpapahayag ng malinaw na layunin ng liham sa simula ng korespondensiya upang gabayan nang maayos ang mambabasa at mapadali ang pag-unawa sa nilalaman. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 10. Anu-ano ang mga kritikal na kasanayan at estratehiya na nagpapakita ng kahusayan sa pamamahala ng interpersonal na komunikasyon?<br>A. Pagbibigay ng magaan na biro sa tamang pagkakataon upang pagaanin ang tensyon at mapanatili ang maayos na daloy ng seryosong usapan.<br>B. Magalang na paglipat ng paksa upang bigyang panahon ang masusing pag-iisip sa mahirap na tanong, habang pinananatili ang respeto sa daloy ng usapan.<br>C. Maingat na pagkilala sa damdamin ng kausap at pagbibigay ng angkop at magalang na tugon upang mapalalim ang ugnayan at maipakita ang empatiya.<br>D. Pansamantalang hindi pagtuon sa nararamdaman ng kausap, na maaaring dulot ng pagninilay, ngunit mas mainam na ipakita ang malasakit at pag-unawa upang mapanatili ang magandang ugnayan. | |
| **VII. PAGNINILAY**<br><br>*(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)* | (see table below) | |

| Gabay na Tanong: | Sagot: |
|---|---|
| 1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng magagalang na pananalita? | |
| 2. Anong mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan ang nahirapan silang gamitin? Paano ko ito matutugunan? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Paano nila nasuri ang nilalaman at layunin ng komunikasyon sa mga sitwasyong tinalakay? | |
| | 4. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos? | |
| | 5. Anong interbensyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pag-unawa? | |